# Ang TALAARAWAN ni Wilfredo

Nobela ni REDONDO




SI BEN ANG TSUPER NG TRAK NG AMPUNAN...
TSUPER NG AMPUNAN? MABUTI YATA'Y MAGSALAYSAY KA SA SIMULA AT NANG MAINTINDIHAN KO ANG BUONG PANGYAYARI... SIMULAN MO SA IYONG PANGALAN...
"NAWALA ANG PANGINGIMI NG DALAGANG MAGSALITA AT NAHALATA KONG ANG DAHILAN NOON AY ANG PAGNANAIS NA MAIHINGA ANG MALAON NA NIYANG KINUKUYOM NA MGA DAMDAMIN..."
CLEOFE ANG IPINANGALAN SA AKIN NG MGA MADRE AT NABINYAGAN AKO SA PANGALANG IYAN... NOONG ISANG TAON AY NABATID NG MGA MADRENG KAILANGAN NG AMPUNAN ANG ISANG TRAK UPANG MAGAMIT PARA SA KAPAKANAN NG LAHAT ROON... TINIPID NAMIN ANG KAUNTING SALAPING INAABULOY SA AMIN HANGGANG SA MAKAIPON KAMI NG SAPAT NA IBIBILI NG ISANG LUMANG TRAK...
MAY ILANG DALAGA KAMING ALAGA NG AMPUNAN, KAYA MINARAPAT NG MGA MADRENG ISANG MATANDA ANG KUKUNIN NILANG MAGMAMANEHO SA TRAK... ITO'Y UPANG MAKAIWAS SILA SA ANUMANG ALINGASNGAS NA MAAARING ISIPIN NG MGA TAO KUNG ISANG BATA PA ANG MAGLILINGKOD SA AMPUNAN...
ISANG MABAIT NA MATANDANG LALAKI ANG KANILANG NAPILI...
ANG MATANDANG IYAN BA ANG SINASABI MONG BEN?
PABAYAAN NINYO AKONG MAGPATULOY... TULAD NG INAASAHAN NG MGA MADRE AY NAGING ISANG MALAKING TULONG ANG TRAK NA KANILANG BINILI... KUNG MGA LINGGO NG HAPON AY ISINASAKAY KAMI RITO AT NAGPAPASYAL KAMI SA TABING DAGAT... SA POOK NA ITO...
ALAM KO NA... DITO MO SIGURO NATAGPUAN AT NAKILALA SI BEN, HINDI BA?
HINDI... SA IBANG PARAAN AT POOK KO NAKILALA SI BEN... ISANG ARAW AY NALIGALIG ANG MGA MADRE SAPAGKA'T ISANG DI-INAASAHANG PANGYAYARI ANG NAGANAP...
TUTULOY